

African swine fever

Protektahan ang ating mga baboy.

Ang African swine fever (ASF) [sakit mula sa Africa na lagnat ng baboy] ay isang lubhang nakahahawang sakit ng mga baboy na sanhi ng virus na mabilis kumakalat at makasisira sa ating industriya ng baboy kung ito ay makapapasok sa Australya.

Ang ASF ay hindi mapanganib para sa kalusugan ng mga tao o kaligtasan ng mga pagkain.

Ang sakit ay naikakalat sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga baboy na may impeksiyon, kontaminadong mga sasakyan, kagamitan o kasuotan, at sa pamamagitan ng pagpapakain sa mga baboy ng may impeksiyong swill o mga tira-tirang karne.

Mahalaga na huwag nating papasukin ang ASF sa Australya, at kailangan namin ang inyong tulong. Gawin ang inyong makakaya upang protektahan ang Australya sa pamamagitan ng:

Huwag kailanman magpakain ng swill sa mga baboy.

Kabilang dito ang mga alagang paboritong mga baboy.

Ang mga pagkaing nagtataglay ng anumang mga produktong-hayop, o mga pagkain na nagkaroon ng kontak sa mga produktong-hayop ay kilala bilang swill, na labag sa batas na ipakain sa mga baboy, at maaaring may taglay na malulubhang mga sakit. Kabilang sa swill ang:

- mga pie, pizza at sausage roll
- mga karneng mula sa deli
- mga tira-tira mula sa kusina o mga bagay-bagay mula sa restoran
- itinapong mantikang panluto

Paggalang sa ating mga border (hangganang).

Protektahan ang ating border laban sa ASF.

- Huwag magpasok sa ating bansa ng mga produktong-hayop. Kung kayo ay bumisita sa mga farm o nag-hiking (naglakad nang mahaba), kailangan din ninyong ideklara ito sa pagbalik ninyo sa Australya.
- Isumbong ang anumang internasyonal na padala sa koreo na nagtataglay ng karne, mga produktong-hayop, kagamitan para sa farm, at anumang iba pang mga alalahaning pang-biosecurity. Tingnan. Siguruhing ligtas. Isumbong sa hotline [1800 798 636](tel:1800798636).

Kung ito ay tila kahina-hinala, tawagan kami sa [1800 675 888](tel:1800675888).

